

Looking back: The academic journey of the first batch of BSED–Filipino students

Michael Jack, Jr. M. Banlasan*

Davao del Sur State College (DSSC)
Digos, Davao del Sur, Philippines
Email: banlasanmichael7@gmail.com

Leslie C. Elevado, MALT

Davao del Sur State College (DSSC)
Digos, Davao del Sur, Philippines

ABSTRACT

The purpose of this study was to explore the experiences of the first batch of BSEd–Filipino students at Davao del Sur State College. It aimed to identify the challenges they encountered in their academic journey, determine the factors that affected their education, and understand the strategies they employed to cope with and overcome these challenges. The study involved thirteen (13) pioneering students of the BSEd–Filipino program at Davao del Sur State College. A qualitative–phenomenological research design was utilized to gain an in-depth understanding of the participants’ lived experiences. Data were gathered through in-depth interviews guided by research questions. Findings revealed that the first batch of BSEd–Filipino students encountered several challenges, which were categorized into four (4) main themes: academic difficulties, psychological stressors, technical barriers, and financial concerns. Regarding the effects of these challenges on their studies, three (3) major themes emerged from the interviews: academic impact, lack of attendance and participation, and effects on mental health and well-being. On the other hand, the coping mechanisms used by the pioneering students to overcome their difficulties were grouped into three (3) central themes: academic support and guidance, personal growth, and motivation. Overall, the study concludes that the experiences of the first batch of BSEd–Filipino students should be given attention to ensure their continued success in their academic journey.

Keywords: pioneering students, academic journey, BSEd–Filipino, experiences

Date Submitted: August 29, 2025
Date Accepted: September 30, 2025
Date Published: October 29, 2025

* Corresponding author

DOI: <http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404545>

Recommended citation:

Banlasan, M. J. M., Jr., & Elevado, L. C. (2025). Looking back: The academic journey of the first batch of BSED–Filipino students. *Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences)* 4 (4), 5914-5930.
<http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404545>

Pagbabalik-tanaw: Akademikong paglalakbay ng mga unang mag-aaral ng BSED-Filipino

Michael Jack, Jr. M. Banlasan

Davao del Sur State College (DSSC)

Davao, Philippines

Email: banlasanmichael7@gmail.com

Leslie C. Elevado

Davao del Sur State College (DSSC)

Davao, Philippines

ABSTRAK

Ang layunin ng pag-aaral ay malaman ang karanasan ng unang mag-aaral ng BSED-Filipino sa Davao del Sur State College. Ito ay upang matukoy ang mga pagsubok sa kanilang akademikong pag-aaral, alamin ang mga salik na nakakaapekto sa kanilang edukasyon at maunawaan ang mga pamamaraan na ginagamit nila upang harapin at malampasan ang kanilang mga pagsubok. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa labintalong (13) unang mag-aaral sa BSED-Filipino ng Davao del Sur State College. Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng kwalitatibo-penomenolohikal na pananaliksik upang malaman ang mga karanasan ng mga unang mag-aaral sa BSED-Filipino. Ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng in-depth na panayam at ang mga gabay na tanong sa pananaliksik. Lumabas sa pananalik na ito ang mga hamon at pagsubok na kinahaharap ng mga unang mag-aaral sa BSED-Filipino na may apat (4) na pangunahing tema, ito ang hamong pang-akademiko, mga sikolohikal na stressors, mga teknikal na hadlang at usaping pinansyal. Samantala, sa epekto ng mga hamon at pagsubok ng mga unang mag-aaral ng BSED-Filipino sa kanilang pag-aaral ay lumabas sa isinagawang panayam ang tatlong (3) pangunahing mga tema, ito ang epekto sa akademiko, kakulangan sa pagdalo at pakikilahok, at ang epekto sa kalusugan ng pag-iisip at kapakakanan. Sa kabilang banda, sa paraan ng pagtugon ng mga unang mag-aaral ng BSED-Filipino para malagpasan ang mga hamon sa pagsubok na kanilang kinahaharap ay may lumabas na tatlong (3) pangunahing tema, ito ang tulong at gabay sa pag-aaral, pag-unlad sa sarili at ang kanilang motibasyon. Sa pangkalahatan, masasabing dapat pangtuonan ang mga karanasan ng mga unang mag-aaral sa BSED-Filipino uoang mas maging matagumpay sila sa kanilang akademikong paglalakbay.

Mga susing salita: unang mag-aaral, akademikong paglalakbay, BSED-Filipino, karanasan

PANIMULA

Ang edukasyon ay itinuturing na pundasyon ng tagumpay at pag-unlad ng lipunan sapagkat ito ang nagbubukas ng pintuan tungo sa kaalaman, pang-unawa, at pagkamit ng layunin ng bawat indibidwal. Sa kontekstong ito, ang Bachelor of Secondary Education Major in Filipino (BSED-Filipino) ay isa sa mga programang nakatuon sa pagpapalalim ng pag-unawa sa kultura, sining, at

wika ng Pilipinas, gayundin sa modernong pamamaraan ng pagtuturo. Sa pag-usbong ng teknolohiya at multimedia, nagiging mas makabuluhan at interaktibo ang pag-aaral ng wikang Filipino at mga kaugnay na disiplina. Ang mga unang mag-aaral ng BSEd-Filipino ay may mahalagang papel sa paghubog at pag-unlad ng kurikulum, sapagkat sila ang unang nakaranas ng mga pagbabago at pagsubok na kaakibat ng implementasyon ng bagong programa. Gayunman, mahalagang pagtuunan ng pansin ang mga hamon na kanilang naranasan upang maiwasan ang mga suliraning maaaring makaapekto sa motibasyon at interes ng mga susunod na henerasyon ng mag-aaral sa programang ito.

Sa pandaigdigang konteksto, isang halimbawa ng karanasan ng mga unang mag-aaral ay matatagpuan sa Timog Aprika, partikular sa Nelson R. Mandela School of Medicine, kung saan noong 2001 ay ipinakilala ang problem-based learning (PBL) bilang bagong pamamaraan sa pagtuturo ng medisina. Ang unang grupo ng mga mag-aaral na sumailalim sa PBL ay tinaguriang mga “unang mag-aaral.” Sa simula, nakaranas sila ng mga pag-aalinlangan dahil sa kanilang kaugnayan sa tradisyunal na kurikulum, subalit kalaunan ay nakakuha sila ng suporta mula sa iba pang programa ng PBL at mga guro mula sa tradisyunal na sistema. Sa kabila ng mga hamon, ang mga mag-aaral na ito ay naging tagapagsalita para sa pagbabago at naging mahalagang bahagi sa pagpapabuti ng programang medikal. Ayon kay McLean (2014), ang kanilang dedikasyon at pagtitiyaga ay nagbigay ng inspirasyon at modelo ng inobasyon sa larangan ng edukasyon, na nagpapakitang ang mga unang mag-aaral ay dapat kilalanin at bigyan ng sapat na suporta upang maging matagumpay sa kanilang akademikong paglalakbay.

Samantala, sa pag-aaral nina Cawayan at Tindo (2022) sa Kalinga State University, natukoy na karamihan sa mga unang mag-aaral ng Bachelor of Science in Environmental Studies (BSES) ay mga estudyanteng muling nagpatala matapos hindi ituloy ang kanilang unang napiling kurso. Bagama’t nakaranas sila ng mga pagsubok, nanatili ang kanilang determinasyon na tapusin ang BSES bilang bahagi ng kanilang layunin na mas mapalalim ang kaalaman tungkol sa kapaligiran at makilahok sa mga solusyon sa mga suliraning pangkalikasan. Sa proseso ng pananaliksik, tiniyak ang pagiging kumpidensiyal ng kanilang mga pahayag upang mapanatili ang integridad ng datos at hindi makaapekto sa kanilang marka. Ipinahayag din ng karamihan sa kanila ang layuning kumuha ng Civil Service Eligibility Examination upang magkaroon ng mas maraming oportunidad sa mga ahensiyang pampamahalaan gaya ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) at Department of Agriculture (DA). Ipinapakita ng kanilang karanasan na ang mga unang mag-aaral ay may malaking ambag sa paglinang ng mga bagong programang pang-akademiko at sa pagpapalawak ng mga oportunidad sa propesyonal na larangan.

Bunsod nito, isinagawa ang kasalukuyang pag-aaral upang masusing suriin ang mga pangunahing suliranin at kakulangan sa akademikong paglalakbay ng mga unang mag-aaral ng BSEd-Filipino sa Davao del Sur State College. Layunin nitong tukuyin ang mga aspeto ng kanilang pag-aaral na nangangailangan ng karagdagang suporta at pagpapabuti upang higit na mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa nasabing institusyon. Sa kabuuan, hangarin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga karanasan ng mga unang mag-aaral ng BSEd-Filipino, kabilang ang mga pagsubok na kanilang kinakaharap, ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang edukasyon, at ang mga pamamaraan na kanilang ginagamit upang malampasan ang mga ito. Sa pamamagitan ng pagsusuring ito, inaasahang makapagbibigay ang pag-aaral ng mahahalagang pananaw at kongkretoong hakbang na makatutulong sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon at sa pagtaguyod

ng matagumpay na akademikong paglalakbay ng mga mag-aaral ng BSED-Filipino sa Davao del Sur State College.

Paglalahad ng suliranin

Nilalayon ng pag-aaral na ito na masagot ang mga sumusunod na mga katanungan:

1. Ano-ano ang mga pagsubok at karanasan na kinahaharap ng mga unang mag-aaral sa BSED-Filipino sa kanilang akademikong paglalakbay?
2. Paano nakaaapekto ang mga pagsubok na kinakaharap ng mga unang mag-aaral sa BSED-Filipino sa kanilang pag-aaral?
3. Paano nalagpasan ng mga unang mag-aaral ng BSED-Filipino ang mga pagsubok na kanilang kinakaharap?

METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng disenyo ng pag-aaral, lokal at mga kalahok ng pananaliksik, instrumentong ginamit sa pangangalap ng datos, pamamaraan ng pagkolekta ng impormasyon, pagsusuri ng datos, at mga etikal na konsiderasyon na sinunod sa pagsasagawa ng pag-aaral. Sa kabuuan, nilalayon ng bahaging ito na ipakita ang sistematikong proseso na ginamit upang masiguro ang katumpakan, kredibilidad, at integridad ng mga natuklasan.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong penomenolohikal na disenyo ng pananaliksik na nakatuon sa pag-unawa at paglalarawan ng mga buhay na karanasan ng mga kalahok hinggil sa isang partikular na pangyayari. Layunin ng metodolohiyang ito na tuklasin ang mga subhektibong karanasan ng tao upang maunawaan ang kanilang mga kahulugan, pananaw, at interpretasyon. Ayon kay Smith (2013), ang penomenolohiya ay isang pilosopikal at metodolohikal na balangkas na unang ipinakilala ni Husserl (1989) at pinalawak nina Heidegger at Merleau-Ponty (2012), samantalang binigyang-diin ni Creswell at Creswell (2018) na ito ay karaniwang ginagamit upang suriin ang mga karanasan sa larangan ng edukasyon, sikolohiya, kalusugan, at agham panlipunan. Sa prosesong ito, ginagamit ang panayam, pagmamasid, at pagsusuri ng mga tekstuwal o biswal na materyales upang makalikom ng mayaman at detalyadong datos.

Isinagawa ang pag-aaral sa Davao del Sur State College, kung saan pinili ng mananaliksik ang mga kalahok mula sa mga mag-aaral sa ikatlong taon ng Bachelor of Secondary Education Major in Filipino. Ang pananaliksik ay isinagawa mula Enero hanggang Abril 2024, at isinagawa ang mga panayam sa mga lugar na komportable para sa mga kalahok upang mapanatili ang bukas at tapat na pagbabahagi ng karanasan. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng labintatlong (13) mag-aaral ng BSED-Filipino. Ang bilang na ito ay itinuring na sapat alinsunod sa rekomendasyon ni Renwick (2019), na nagsasaad na sa mga kwalitatibong pananaliksik, karaniwang mas maliit ang bilang ng kalahok upang mapalalim ang pagsusuri sa bawat karanasan. Ang bilang ng mga kalahok ay batay rin sa konsepto ng data saturation, kung saan humihinto na ang paglitaw ng mga bagong kaalaman o tema.

Gamit ang purposive sampling technique, pinili ang mga kalahok na may tiyak na karanasan kaugnay sa paksa ng pag-aaral. Ayon kina Palinkas et al. (2015), ang purposive sampling ay isang metodolohiyang kwalitatibo na ginagamit upang pumili ng mga kalahok na makapagbibigay ng mayaman at makabuluhang impormasyon hinggil sa layunin ng pananaliksik.

Sa pagpili, isinasaalang-alang na ang mga kalahok ay unang mag-aaral ng BSEd-Filipino, may karanasan sa mga akademikong pagsubok, at handang magbahagi ng kanilang karanasan nang bukas at tapat.

Sa pangangalap ng datos, ginamit ng mananaliksik ang semi-structured na panayam upang makuha ang malalim na pananaw ng mga kalahok. Ang mga tanong ay bukas upang hikayatin ang mas malayang pagsagot at masinsinang talakayan. Alinsunod kay Adams (2015), ang ganitong uri ng panayam ay nagbibigay-daan sa tagapagsalaysay na magtanong ng karagdagang mga katanungan gaya ng “bakit” at “paano” upang mapalawak ang mga tugon. Ang instrumentong ginamit sa panayam ay dumaan sa ebalwasyon ng mga eksperto upang matiyak ang kalinawan, kaugnayan, at bisa ng mga tanong. Ang mga rekomendasyon ng panel ay isinama upang mapahusay ang instrumento bago ito ganap na gamitin.

Bago ang aktuwal na panayam, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa dekana ng Institute of Teacher Education ng Davao del Sur State College upang maisagawa ang pananaliksik. Pagkatapos ng pag-apruba, ipinadala rin ang mga liham ng pahintulot sa mga napiling kalahok upang ipaliwanag ang layunin at proseso ng pag-aaral. Ang mga panayam ay isinagawa nang harapan at nirekord sa pahintulot ng mga kalahok upang matiyak ang katumpakan ng dokumentasyon. Pagkatapos ng bawat panayam, isinalin at intranskribo ng mananaliksik ang mga tugon ng kalahok, at bilang pasasalamat, binigyan sila ng simbolikong pagkilala sa kanilang partisipasyon.

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ng mananaliksik ang anim na hakbang na pamamaraan ni Creswell (2013). Una, inihanda at inayos ang mga datos sa pamamagitan ng transkripsiyon ng mga panayam. Pangalawa, mabusising binasa at inunawaan ang datos upang matukoy ang mga mahahalagang tema. Pangatlo, isinagawa ang proseso ng coding upang ikategorya ang mga datos ayon sa kanilang kaugnayan. Pang-apat, binuo ang mga pangunahing tema mula sa mga code upang malinang ang mga kategorya ng kahulugan. Panglima, isinama ang mga temang ito sa naratibong presentasyon ng resulta upang malinaw na mailahad ang mga natuklasan. Panghuli, binigyang interpretasyon ang mga datos batay sa mga layunin ng pag-aaral at sa mga pahayag ng mga kalahok.

Sa kabuuan ng proseso, isinagawa ng mananaliksik ang kanyang tungkulin nang may mataas na antas ng kredibilidad at propesyonismo. Siniguro niyang ang bawat kalahok ay boluntaryong sumali at lubusang naunawaan ang layunin at pamamaraan ng pag-aaral, alinsunod sa pahayag nina Creswell at Creswell (2018). Sa bawat panayam, ginamit ng mananaliksik ang aktibong pakikinig at mga follow-up na tanong upang mapalalim ang pag-unawa sa karanasan ng mga kalahok. Tinியak din na ang mga transkripsiyon at interpretasyon ay eksaktong kumakatawan sa mga saloobin at karanasan ng mga kalahok.

Upang mapanatili ang katatagan at mapapanaligan ng pananaliksik, isinunod ng mananaliksik ang apat na pamantayang itinakda nina Lincoln at Guba (1985): kredibilidad, katatagan, kakayahang ilipat, at kahinhinatnan. Ang kredibilidad ay tinியak sa pamamagitan ng pagkuha ng tapat at eksaktong datos mula sa mga kalahok. Ang katatagan ay pinangalagaan sa pamamagitan ng malinaw na paglalarawan ng proseso upang ito ay maulit ng ibang mananaliksik. Ang kakayahang ilipat ay isinasaalang-alang sa kontekstwal na aplikasyon ng mga natuklasan sa iba pang kaparehong sitwasyon. Samantala, ang kahinhinatnan ay sinuri sa pamamagitan ng

ebalwasyon ng mga propesyonal at pagsusuri ng mga dokumento upang matiyak ang bisa ng mga resulta.

Isinagawa rin ang pananaliksik alinsunod sa mga etikal na pamantayan ng impormadong pahintulot, anonimato, paggalang sa pribadong buhay, at kumpidensiyalidad. Ang mga kalahok ay binigyan ng impormadong pahintulot bago sumali sa panayam, at ang kanilang mga pangalan ay kinode upang mapanatili ang kanilang pagkakakilanlan. Tiniyak ng mananaliksik na ang lahat ng impormasyon ay mananatiling pribado at gagamitin lamang para sa layunin ng pag-aaral. Ang mga hakbang na ito ay isinagawa alinsunod sa Republic Act No. 10173, o ang Data Privacy Act of 2012, na naglalayong protektahan ang personal na impormasyon sa parehong pampubliko at pribadong sektor.

Sa kabuuan, ang metodolohiyang ginamit sa pag-aaral na ito ay sinadyang maging sistematiko, etikal, at mapanuri upang matiyak na ang mga natuklasan ay tunay na kumakatawan sa karanasan ng mga unang mag-aaral ng BSED-Filipino sa Davao del Sur State College.

MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Sa pag-aaral na ito na isinagawa sa Davao del Sur State College, labintatlong (13) unang mag-aaral ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino (BSED-Filipino) ang naging kalahok. Sila ay pinili sa pamamagitan ng purposive sampling, batay sa kanilang aktuwal na karanasan bilang mga unang mag-aaral ng programa. Gamit ang kwalitatibong penomenolohikal na disenyo, isinagawa ang panayam upang matukoy ang kanilang mga karanasan, mga hamon na kinaharap, at mga estratehiya o paraan na ginamit upang mapagtagumpayan ang mga ito. Mula sa mga temang lumitaw sa panayam, nabuo ang mga kategorya ng karanasan na sumasalamin sa akademikong paglalakbay ng mga unang mag-aaral ng BSED-Filipino—mga temang nakapokus sa tulong at gabay sa pag-aaral, pag-unlad sa sarili, at motibasyon bilang sandigan sa kanilang pagpupunyagi.

Pamamahala ng oras

Isa sa mga pangunahing tema na lumitaw sa pag-aaral ay ang kahalagahan ng pamamahala ng oras bilang kasanayan na tumutulong sa mga mag-aaral na balansehin ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad. Ang kalikasan ng kursong BSED-Filipino ay nangangailangan ng mahusay na organisasyon at wastong paggamit ng oras dahil sa dami ng gawaing pang-akademiko at pangkomunidad na kanilang kinakaharap. Ayon kina Gulua at Kharadze (2017), ang epektibong pamamahala ng oras ay nagtataguyod ng sariling pag-unlad at produktibidad sa pag-aaral, sapagkat natutulungan nitong maitakda ng mga mag-aaral ang kanilang mga prayoridad at maiwasan ang labis na pagkapagod. Sa mga pahayag ng mga kalahok, lumitaw na ang tamang pamamahala ng oras ay isang estratehiya upang maging mas epektibo sa pagtupad ng mga akademikong gawain. Tulad ng binanggit ng isang kalahok, “Sinanay ko din ang sarili ko na balansehin ang aking mga gawain, ‘time management is the key,’ kaya minabuti kong gawin ang mga trabaho ko sa takdang oras at para mabigyan ko ng pansin kung saan ako nagkulang” (K3MT1). Isa pa ay nagsabi, “Pinamamahalaan ko ang aking oras na naaayon sa mga pangangailangan ko kasi para mas maging epektibo ang aking pag-aaral kung pamamahalaan ko ito ng tama” (K12MT2). Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita na sa pamamagitan ng disiplina sa oras, natutunan ng mga mag-aaral na

magtakda ng balanse sa pagitan ng pag-aaral, personal na buhay, at iba pang obligasyon—isang mahalagang salik sa kanilang akademikong tagumpay.

Pamamahala sa pananalapi

Bukod sa oras, binigyang-diin din ng mga kalahok ang kahalagahan ng pamamahala sa pananalapi bilang isang kasanayang nakatutulong upang malampasan ang mga hamong pinansyal sa kolehiyo. Ang edukasyon, lalo na sa antas tersyarya, ay nangangailangan ng maingat na pagbabadyet at tamang paggamit ng pera. Ayon kina Azer at Mohamad (2018), ang paglinang ng financial literacy sa mga mag-aaral ay mahalaga upang maiwasan ang sobrang paggastos, mapamahalaan ang kakulangan sa pondo, at mapalakas ang kakayahang magplano para sa pangmatagalang katatagan. Ang mga kalahok ay nagpahayag ng kani-kanilang paraan ng pagtitipid at tamang paggamit ng pera. Isinulat ng isang kalahok, “Tapos pag meron akong maliit na pera ay binabadyet ko, pinapamahalaan ko talaga ng maayos ang aking pera para makaya ko” (K5MT1). Isa pa ay nagsabi, “Sa problema sa pera naging matalino talaga ako sa paggamit ng pera; ang mga ibinibigay sa akin ay masinop kong ginagamit, iniipon at ginagastos lamang kapag kinakailangan” (K13MT1). Ipinapakita ng mga pahayag na ito na ang mga mag-aaral ay natutong maging responsable at matipid bilang tugon sa kanilang sitwasyong pinansyal, at ito ay nagdulot ng positibong epekto sa kanilang kakayahang magpatuloy sa pag-aaral.

Tiwala sa sarili

Ang tiwala sa sarili ay lumitaw bilang isa pang mahalagang salik sa pagharap ng mga unang mag-aaral sa kanilang mga pagsubok. Bilang mga pioneer ng programa, madalas silang nakararanas ng kawalan ng katiyakan at kakulangan ng modelo o gabay. Gayunpaman, ang kanilang paniniwala sa sariling kakayahan ay nagsilbing sandigan sa pagpapatuloy. Ayon kina Nagar et al. (2021), ang self-confidence at self-esteem ay may positibong ugnayan sa personal na pag-unlad at resiliency ng mga mag-aaral, lalo na sa mga kabataang nasa edad 16 hanggang 24. Ipinahayag ng isang kalahok, “Tiwala sa sarili kasi minsan na ako nawalan ng tiwala sa sarili kaya pinagiigihan ko na magtiwala sa sarili ko at samahan ng kilos para mapagtagumpayan ang lahat” (K3MT2). Ang isa naman ay nagsabi, “Magtiwala sa sariling kakayahan talaga kasi kung may tiwala ka sa sarili mo, kahit anong problema ay makakaya mo” (K13MT2). Ang mga pahayag na ito ay nagpapatunay na ang tiwala sa sarili ay hindi lamang emosyonal na lakas kundi isang estratehiya para manatiling matatag at produktibo sa kabila ng mga hamon ng pagiging unang mag-aaral.

Motibasyon

Mahalagang aspeto rin sa pag-aaral na ito ang motibasyon bilang salik sa pagpapatuloy ng mga mag-aaral sa kabila ng kanilang mga pagsubok. Lumitaw dito ang dalawang anyo ng motibasyon: panlabas (extrinsic) at panloob (intrinsic).
Panlabas na motibasyon

Ang panlabas na motibasyon ay nakabatay sa mga gantimpala, pagkilala, o suporta mula sa iba na nagsisilbing inspirasyon upang ipagpatuloy ng mga mag-aaral ang kanilang pag-aaral. Ayon kay Spence (2014), ang extrinsic motivation ay maaaring magbunga ng positibong intrinsic motivation kapag ang mga panlabas na insentibo ay nagdudulot ng kumpiyansa at kasiyahan sa pag-aaral. Sa panayam, ilan sa mga kalahok ang nagbahagi na ang kanilang pamilya, kaibigan, at mga tagasuporta ang kanilang pinagmumulan ng lakas. Isinasaad ng isang kalahok, “Ginamit ko ang suporta ng aking mga magulang at tiyuhin bilang inspirasyon na magpatuloy sa pag-aaral at pagbutihin upang maging proud sila sa akin” (K3MT1). Isa pa ay nagsabi, “Ginagawa kong inspirasyon ang aking pamilya, kahit may mga di pagkakaunawaan kami, sila pa rin ang dahilan kung bakit ako nag-aaral” (K10MT1). Mula rito, malinaw na ang mga relasyong panlabas ay may malaking papel sa pagpapatatag ng kanilang determinasyon.

Panloob na motibasyon

Samantala, ang panloob na motibasyon ay nagmumula sa personal na layunin, pagnanais, at pagmamahal sa napiling larangan. Ayon pa rin kay Spence (2014), ang intrinsic motivation ay bunga ng kasiyahan at personal na pagpapahalaga sa ginagawa. Ang mga kalahok ay nagsabing ang kanilang sariling pagnanais na magtagumpay at makatulong sa pamilya ang nagtutulak sa kanila na magpatuloy. Isinulat ng isang kalahok, “Kapag natatamad ako, minomotivate ko ang sarili ko na kailangan kong mag-comply kasi para ito sa aking kinabukasan” (K8MT1), samantalang isa pa ay nagsabi, “Palagi kong pinapaalala sa sarili na kaya ko ito at kakayanin ko para sa mas magandang kinabukasan ng pamilya ko” (K12MT1). Ang mga tugon na ito ay nagpapakita ng mataas na antas ng self-discipline at layunin, na nagbibigay-linaw na ang intrinsic motivation ay pundasyon ng kanilang patuloy na pagsisikap.

Sa kabuuan, ipinakita ng mga resulta na ang mga unang mag-aaral ng BSEd-Filipino ay nakabuo ng matatag na kakayahan sa pamamahala ng oras at pananalapi, malalim na tiwala sa sarili, at matibay na motibasyon—panloob man o panlabas—bilang kanilang mga sandigan sa pagharap sa mga hamon ng pagiging pioneer ng programa. Ang mga salik na ito ay hindi lamang sumasalamín sa kanilang determinasyon kundi nagbibigay ng malinaw na modelo kung paano hinuhubog ng karanasan ang akademikong katatagan at personal na paglago ng mga mag-aaral sa larangan ng edukasyon.

KONGKLUSYON

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang maunawaan, mailarawan, at maibahagi ang mga karanasan ng mga unang mag-aaral ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino (BSEd-Filipino) ng Davao del Sur State College (DSSC) sa taong akademiko 2023–2024. Sa pamamagitan ng kwalitatibong penomenolohikal na disenyo, sinuri ng mananaliksik ang mga karanasan ng labintatlong (13) kalahok sa pamamagitan ng masinsinang one-on-one na panayam. Layunin nitong tuklasin ang mga hamon na kinaharap ng mga unang mag-aaral, ang epekto ng mga hamong ito sa kanilang pag-aaral, at ang mga paraang kanilang ginamit upang mapagtagumpayan ang mga ito. Ang mga datos na nakalap mula sa panayam ay maingat na sinuri, kinodigo, at inuri sa mga tematikong kategorya upang maipakita ang mga pattern ng karanasan na bumubuo sa kabuuang larawan ng kanilang akademikong paglalakbay.

Mula sa unang katanungan sa pananaliksik, lumitaw ang apat na pangunahing hamon na kinaharap ng mga mag-aaral: mga hamong pang-akademiko, sikolohikal na stressors, teknolohikal na hadlang, at usaping pinansyal. Sa larangang pang-akademiko, binigyang-diin ng mga kalahok ang kakulangan ng kwalipikadong guro, limitadong sanggunian at libro, at mga isyung kaugnay ng pamamahala ng oras. Sa aspetong sikolohikal, kanilang naranasan ang matinding presyur, diskriminasyon, pagdududa sa sarili, at takot sa pagkabigo—mga salik na nakaapekto sa kanilang kumpiyansa at konsentrasyon sa pag-aaral. Idinagdag pa rito ang teknolohikal na hadlang, tulad ng mahinang koneksyon sa internet, na pumigil sa kanilang pagiging produktibo sa online learning. Gayundin, ang kakulangan sa pinansyal na kakayahan ay nagdulot ng karagdagang stress at limitasyon sa pagkuha ng mga materyales sa pag-aaral. Ang mga hamong ito ay hindi lamang nakaapekto sa kanilang akademikong pagganap kundi pati na rin sa kanilang emosyonal at mental na katatagan.

Sa ikalawang katanungan, natukoy ng pag-aaral na ang mga hamong ito ay may malinaw na epekto sa tatlong aspekto ng kanilang pag-aaral: akademiko, pakikilahok, at kalusugan ng pag-iisip. Sa aspeto ng akademiko, ang mga kalahok ay nakaranas ng limitadong kaalaman at mababang antas ng akademikong pagganap, dulot ng kakulangan sa materyales at gabay. Sa aspeto ng pakikilahok, lumitaw ang problema ng hindi regular na pagdalo sa klase—kapwa online at face-to-face—at ang madalas na pagkaantala sa pagsusumite ng mga akademikong pangangailangan. Sa aspeto naman ng mental na kalusugan at kapakanan, malinaw na naranasan ng mga kalahok ang labis na stress, pagbaba ng tiwala sa sarili, at pagkawala ng interes sa pag-aaral. Ang mga ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan ng mas matatag na sistema ng suporta upang mapanatili ang motibasyon, disiplina, at emosyonal na katatagan ng mga mag-aaral.

Samantala, sa ikatlong katanungan, tinukoy ng pag-aaral ang mga paraang ginamit ng mga mag-aaral upang malampasan ang kanilang mga pagsubok. Lumitaw ang tatlong pangunahing tema: tulong at gabay sa pag-aaral, pag-unlad sa sarili, at motibasyon. Sa aspeto ng tulong at gabay, binigyang-diin ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng paghahanap ng tulong mula sa mga guro, kaklase, at paggamit ng internet bilang pangunahing kasangkapan sa pag-aaral. Ang emosyonal na suporta mula sa pamilya at mga kaibigan ay nagpatatag din sa kanilang loob upang magpatuloy. Sa pag-unlad sa sarili, ipinakita nila ang kahalagahan ng sariling pag-aaral, mahusay na pamamahala ng oras, matalinong paggamit ng pananalapi, at matibay na tiwala sa sarili. Ang mga ito ay nagsilbing pundasyon sa kanilang pagiging mas produktibo at epektibong tagapagtaguyod ng sariling pagkatuto. Dagdag pa rito, parehong panlabas at panloob na motibasyon ang nagtulak sa kanila na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral. Ang panlabas na motibasyon ay nagmula sa suporta at inspirasyon ng pamilya, kaibigan, at mga guro, samantalang ang panloob na motibasyon ay nagmumula sa kanilang sariling pangarap, dedikasyon, at layunin na magtagumpay para sa kinabukasan.

Mula sa mga natuklasang ito, napatunayan ng pag-aaral na ang pagiging unang mag-aaral ng BSEd-Filipino ay hindi lamang pagsubok sa kakayahan kundi isang proseso ng paghubog ng disiplina, katatagan, at pagpapakatao. Ang kakulangan sa guro, sanggunian, at koneksyong teknolohikal ay mga hamong nangangailangan ng agarang tugon mula sa institusyon, habang ang mga hamong emosyonal at pinansyal ay nangangailangan ng mas matibay na suporta mula sa pamilya at komunidad. Gayunpaman, ipinakita ng mga kalahok na sa pamamagitan ng sariling

determinasyon, tiwala sa sarili, at motibasyon, nagiging posible ang pagtagumpayan ng anumang balakid.

Bilang tugon sa mga natuklasan, inirerekomenda ng pag-aaral na ang mga Higher Education Institution (HEI), partikular ang Davao del Sur State College, ay maglaan ng pondo at programa para sa modernisasyon ng mga pasilidad at sanggunian, gayundin sa pagpapabuti ng teknolohikal na imprastruktura ng paaralan. Dapat ding magpatupad ng mga programang pang-propesyonat na pag-unlad para sa mga guro upang mapahusay ang kalidad ng pagtuturo at mapalakas ang akademikong suporta sa mga mag-aaral. Ang pamunuan ng Institute of Teacher Education ay dapat magpatupad ng mga patakarang magpapalakas sa ugnayan ng mga guro at mag-aaral at magbigay ng mekanismo ng gabay at counseling para sa mga nangangailangan.

Ipinapanukala rin na ang mga guro ng BSEd-Filipino ay magbigay ng mas inklusibong mga estratehiya sa pagtuturo na tutugon sa iba’t ibang pangangailangan ng mga mag-aaral, gayundin ng mga aktibidad na magpapaunlad sa kanilang praktikal na kaalaman at kasanayan. Ang mga magulang naman ay hinihikayat na maging aktibong katuwang sa edukasyon ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng patuloy na komunikasyon at moral na suporta. Para sa mga mag-aaral, mahalaga ang pagpapatuloy ng disiplina, pagiging bukas sa pakikipagtulungan, at paglinang ng sariling kakayahan upang maabot ang tagumpay sa akademiko at personal na buhay.

Sa huli, para sa mga susunod na mananaliksik, mahalagang ipagpatuloy ang pag-aaral hinggil sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa larangan ng edukasyon upang makabuo ng mga konkretong solusyon at patakarang makatutulong sa pag-unlad ng sistema ng pagtuturo at pagkatuto. Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na ang tagumpay ng mga unang mag-aaral ng BSEd-Filipino ay bunga ng kanilang matatag na loob, sistematikong pagsisikap, at kolektibong suporta mula sa institusyon, pamilya, at kapwa mag-aaral—isang patunay na ang edukasyon, kapag pinaghirapan at pinanghawakan ng may pananampalataya at dedikasyon, ay nagiging daan tungo sa personal na tagumpay at propesyonat na katuparan.

TALASANGGUNIAN

Accardo, A. L., Bean, K., Cook, B., Gillies, A., Edgington, R., Kuder, S. J., & Bomgardner, E. M. (2019). College access, success and equity for students on the autism spectrum. *Journal of Autism and Developmental Disorders*, 49(12), 4877–4890. <https://doi.org/10.1007/s10803-019-04205-8>

Ainscow, M. (2020). Inclusion and equity in education: Making sense of global challenges. *Prospects*, 49(3), 123–134. <https://doi.org/10.1007/s11125-020-09506-w>

Adams, W. C. (2015). Conducting semi-structured interviews. In K. E. Newcomer, H. P. Hatry, & J. S. Wholey (Eds.), *Handbook of practical program evaluation* (4th ed., pp. 492–505). John Wiley & Sons. <https://doi.org/10.1002/9781119171386.ch19>

Ahmad, S., Batool, A., & Choudhry, A. H. (2019). Path relationship of time management and academic achievement of students in distance learning institutions. *Pakistan Journal of Distance and Online Learning*, 5(2), 191–208. <https://eric.ed.gov/?id=EJ1266710>

Akbari, O., & Sahibzada, J. (2020). Students' self-confidence and its impacts on their learning process. *American International Journal of Social Science Research*, 5(1), 1–15. <https://doi.org/10.46281/aijssr.v5i1.462>

Aller, L., & Almarwani, A. M. (2022). Self-doubt in nursing students: An evolutionary concept analysis. *Advances in Nursing Science*, 45(1), 10–1097. https://www.researchgate.net/publication/366864362_Self-doubt_in_Nursing_Students_An_Evolutionary_Concept_Analysis

Almeida, M. M. (2019). A museum-library in Cascais: A pioneering case mediated by cultural and educational action. *E-Journal of Portuguese History*, 17(2). <https://openurl.ebsco.com/EPDB%3Aagd%3A10%3A6929210/detail>

Anoita, B. S., Tiatri, S., & Sari, M. P. (2020, December). The relationship between fear of failure and student academic achievement with procrastination as mediating variable. In *The 2nd Tarumanagara International Conference on the Applications of Social Sciences and Humanities (TICASH 2020)* (pp. 538–543). Atlantis Press. <https://doi.org/10.2991/assehr.k.201209.072>

Azer, I., & Mohamad, S. A. (2018). Exploring financial management practices and problems among students. *International Journal of Academic Research in Business and Social Sciences*, 8(12), 2472–2477. <https://doi.org/10.6007/IJARBS/v8-i12/5762>

Bamber, M. D., & Schneider, J. K. (2022). College students' perceptions of mindfulness-based interventions: A narrative review of the qualitative research. *Current Psychology*, 41(2), 667–680. <https://doi.org/10.1007/s12144-019-00592-4>

Barbayannis, G., Bandari, M., Zheng, X., Baquerizo, H., Pecor, K. W., & Ming, X. (2022). Academic stress and mental well-being in college students: Correlations, affected groups, and COVID-19. *Frontiers in Psychology*, 13, 886344. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.886344>

Barrot, J. S., Llenares, I. I., & Del Rosario, L. S. (2021). Students' online learning challenges during the pandemic and how they cope with them: The case of the Philippines. *Education and Information Technologies*, 26(6), 7321–7338. <https://doi.org/10.1007/s10639-021-10589-x>

Cao, W., Fang, Z., Hou, G., Han, M., Xu, X., Dong, J., & Zheng, J. (2020). The psychological impact of the COVID-19 epidemic on college students in China. *Psychiatry Research*, 287, 112934. <https://doi.org/10.1016/j.psychres.2020.112934>

Cawayan, C., Lingbawan, S. C., & Tindo, J. K. (2022). Exploring the learning experiences of pioneer BS environmental studies students of Kalinga State. *International Journal of English Literature and Social Sciences*, 7(6), 347–354. <https://doi.org/10.22161/ijels.76.47>

Cheng, F. F., Wu, C. S., & Su, P. C. (2021). The impact of collaborative learning and personality on satisfaction in innovative teaching context. *Frontiers in Psychology*, 12, 713497. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.713497>

Christensen, U. J. (2020, July 27). Why students fail to study online. *Forbes*. <https://www.forbes.com/sites/ulrikjuulchristensen/2020/07/27/the-real-reason-why-the-pandemic-e-learning-experiments-didnt-work/>

Cobbold, C. (2015). Solving the teacher shortage problem in Ghana: Critical perspectives for understanding the issues. *Journal of Education and Practice*, 6(9), 71–79. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1082464.pdf>

Daud, N., Norwani, N. M., & Yusof, R. (2018). Students' financial problems in higher education institutions. *International Journal of Academic Research in Business and Social Sciences*, 8(10), 1558–1565. <https://doi.org/10.6007/IJARBS/v8-i10/5312>

De Faria, L., Kring, B., Keable, H., Menon, M., Peluso, F., Notman, M., & Ackerman, A. (2023). Tele-psychiatry for college students: Challenges, opportunities, and lessons learned from the pandemic. *Journal of Medical Regulation*, 109(2), 21–28. <https://doi.org/10.30770/2572-1852-109.2.21>

DeWitt, P. (2021, March 10). 6 reasons students aren't showing up for virtual learning (Opinion). *Education Week*. <https://www.edweek.org/leadership/opinion-6-reasons-students-arent-showing-up-for-virtual-learning/2020/04>

Dumais, S. A., Rizzuto, T. E., Cleary, J., & Dowden, L. (2013). Stressors and supports for adult online learners: Comparing first- and continuing-generation college students. *American Journal of Distance Education*, 27(2), 100–110. <https://doi.org/10.1080/08923647.2013.783265>

Eisenbarth, C. A. (2019). Coping with stress: Gender differences among college students. *College Student Journal*, 53(2), 151–162. <https://www.ingentaconnect.com/content/prin/csj/2019/00000053/00000002/art00002>

Gallagher, K. M., Jones, T. R., Landrosh, N. V., Abraham, S. P., & Gillum, D. R. (2019). College students' perceptions of stress and coping mechanisms. *Journal of Education and Development*, 3(2), 25–33. <https://doi.org/10.20849/jed.v3i2.600>

Gibbons, M. M., Rhinehart, A., & Hardin, E. (2019). How first-generation college students adjust to college. *Journal of College Student Retention: Research, Theory & Practice*, 20(4), 488–510. <https://doi.org/10.1177/1521025116682035>

Gigabeep. (2021, April 8). Equity isn't just a slogan. It should transform the way we educate kids. *The Holdsworth Center*. <https://holdsworthcenter.org/blog/equity-isnt-just-a->

slogan/?gad_source=1&gclid=CjwKCAiAi6uvBhADEiwAWiyRdmA_LALPNqml4OjRazenRI
AKYZNJ-XB-yaQLmnyMP9NtM_yIdKI9kRoCa4QQA_vD_BwE

Graves, B. S., Hall, M. E., Dias-Karch, C., Haischer, M. H., & Apter, C. (2021). Gender differences in perceived stress and coping among college students. *PLOS ONE*, 16(8), e0255634. <https://doi.org/10.1371/journal.pone.0255634>

Gulua, E., & Kharadze, N. (2022). Impact of time management on personal development of master's degree students. *Humanities Today: Proceedings*, 1(1), 64–74. https://www.researchgate.net/publication/320586534_Impact_of_Time_Management_on_Personal_Development_of_Master's_Degree_Students

Han, S., & Han, X. F. (2012). Research into college students' pioneering education. *Advanced Materials Research*, 591, 2310–2313. <https://doi.org/10.4028/www.scientific.net/AMR.591-593.2310>

Han, F., & Ellis, R. A. (2019). Identifying consistent patterns of quality learning discussions in blended learning. *The Internet and Higher Education*, 40, 12–19. <https://doi.org/10.1016/j.iheduc.2018.09.002>

Hasudungan, A. N., & Ningsih, T. Z. (2021). Learning loss: A real threat in education for underprivileged students and remote regions during the COVID-19 pandemic. *International Journal of Distance Education and E-Learning*, 7(1), 12–23. <https://doi.org/10.36261/ijdeel.v7i1.2223>

He, S., Jiang, S., Zhu, R., & Hu, X. (2023). The influence of educational and emotional support on e-learning acceptance: An integration of social support theory and TAM. *Education and Information Technologies*, 28(9), 11145–11165. <https://doi.org/10.1007/s10639-023-11648-1>

Helmbrecht, B., & Ayars, C. (2021). Predictors of stress in first-generation college students. *Journal of Student Affairs Research and Practice*, 58(2), 214–226. <https://doi.org/10.1080/19496591.2020.1853552>

Help, A. (2020, July 31). Reasons behind late assignment submissions. *Make My Assignments Blog*. <https://www.makemyassignments.com/blog/reasons-behind-late-assignment-submissions/>

Holmqvist, M. (2019). Lack of qualified teachers: A global challenge for future knowledge development. In R. B. Monyai (Ed.), *Teacher education in the 21st century* (pp. 53–66). *IntechOpen*. <https://doi.org/10.5772/intechopen.8341>

Kaftan, O. J., & Freund, A. M. (2019). A motivational perspective on academic procrastination: Goal focus affects how students perceive activities while procrastinating. *Motivation Science*, 5(2), 135–156. <https://doi.org/10.1037/mot0000102>

- Karell, J. (2018, June 30). Major discrimination is a form of major discrimination. Medium. <https://medium.com/@jek124/major-discrimination-is-a-form-of-major-discrimination-76b33cfd37c1>
- Keoviphone, C., & Wibowo, U. B. (2015). Factors discouraging students from schooling: A case study at junior secondary school in Laos. *Research and Evaluation in Education*, 1(1), 1–12. <https://journal.uny.ac.id/index.php/reid/article/view/4894>
- Kim, H., Han, K., & Won, S. (2023). Perceived discrimination as a critical factor affecting self-esteem, satisfaction with physical appearance, and depression of racial/ethnic minority adolescents in Korea. *Behavioral Sciences*, 13(4), 343. <https://doi.org/10.3390/bs13040343>
- Kuo, Y.-C., & Belland, B. R. (2016). An exploratory study of adult learners' perceptions of online learning: Minority students in continuing education. *Educational Technology Research and Development*, 64(4), 661–680. <https://doi.org/10.1007/s11423-016-9442-9>
- Huang, L., & Zhang, T. (2022). Perceived social support, psychological capital, and subjective well-being among college students in the context of online learning during the COVID-19 pandemic. *The Asia-Pacific Education Researcher*, 31(5), 563–574. <https://doi.org/10.1007/s40299-021-00608-3>
- Khon, A., & Blum, S. D. (2020). *Ungrading: Why rating students undermines learning (and what to do instead)*. West Virginia University Press. <https://wvupressonline.com/ungrading>
- Kolb, D. A. (1984). *Experiential learning: Experience as the source of learning and development* (2nd ed.). FT Press. <https://books.google.com.ph/books?id=jpbeBQAAQBAJ>
- Ladrero, H., Villanueva, A. V., & Mirasol, M. (2020). Factors that cause low academic performances among Grade 12 HUMSS strand students in Bestlink College of the Philippines. *Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research*, 2(1). <https://www.ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/2645>
- Lim, M. (2020, October 15). Unstable internet a challenge in distance learning. Metro News Central. <https://metronewscentral.net/metro-gen/in-and-around-the-metro/unstable-internet-a-challenge-in-distance-learning>
- Lincoln, Y. S., Guba, E. G., & Pilotta, J. J. (1985). Naturalistic inquiry. *International Journal of Intercultural Relations*, 9(4), 438–439. [https://doi.org/10.1016/0147-1767\(85\)90062-8](https://doi.org/10.1016/0147-1767(85)90062-8)
- Liu, X., Ping, S., & Gao, W. (2019). Changes in undergraduate students' psychological well-being as they experience university life. *International Journal of Environmental Research and Public Health*, 16(16), 2864. <https://doi.org/10.3390/ijerph16162864>

Lovin, D., & Bernardeau-Moreau, D. (2022). Stress among students and difficulty with time management: A study at the University of Galați in Romania. *Social Sciences*, 11(12), 538. <https://doi.org/10.3390/socsci11120538>

Maba, W., Widiastuti, I. A. M. S., Mantra, I. B. N., Suartama, I. K., & Sukanadi, N. L. (2023). Learning loss: Impact of the COVID-19 pandemic on the students' psychosocial condition. *Journal of Education and e-Learning Research*, 10(2), 209–214. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1395834.pdf>

Maffea, J. (2020). Lack of resources in classrooms [Research paper]. Research for Change – Wicked Problems in Our World, English Department. Kutztown University. <https://research.library.kutztown.edu/wickedproblems/38>

Mayor, J. M. (2018). Final thesis paper. Academia. https://www.academia.edu/37079200/FINAL_THESIS_PAPER

Madrigal, L., & Blevins, A. (2022). “I hate it, it’s ruining my life”: College students’ early academic year experiences during the COVID-19 pandemic. *Traumatology*, 28(3), 325–335. <https://doi.org/10.1037/trm0000336>

Mukwevho, M. H. (2018). Time management challenges on students' academic performance: A case study of a rural university in Limpopo Province, South Africa. *African Journal of Development Studies*, 8(2), 81–99. <https://journals.co.za/doi/abs/10.31920/2075-6534/2018/v8n2a5>

Moldes, V. M., Biton, C. L., Gonzaga, D. J., & Moneva, J. C. (2019). Students, peer pressure and their academic performance in school. *International Journal of Scientific and Research Publications*, 9(1), 300–312. https://www.researchgate.net/publication/330818074_Students_Peer_Pressure_and_their_Academic_Performance_in_School

Nakhla, G. (2019). The relationship between fear of failure, academic motivation and student engagement in higher education: A general linear model [Doctoral dissertation, Lancaster University]. ProQuest Dissertations Publishing. <https://www.proquest.com/openview/ea6fef6bd37bde9ddc67775e2d1564e/1?pq-origsite=gscholar&cbl=18750&diss=y>

Newhouse, N. K., & Cerniak, J. (2016). Student success factors in graduate psychology professional programs. *Online Learning*, 20(1), 70–91. <https://doi.org/10.24059/olj.v20i1.585>

Nordby, K., Klingsieck, K. B., & Svartdal, F. (2017). Do procrastination-friendly environments make students delay unnecessarily? *Social Psychology of Education*, 20(3), 491–512. <https://doi.org/10.1007/s11218-017-9386-x>

- Okoro, E. (2018). Assessment of stress-related issues and coping mechanisms among college students [Master's thesis, Minnesota State University Mankato]. ProQuest Dissertations Publishing. <https://www.proquest.com/openview/0a60fd5e50bc786e8e35921a42c89979/1?pq-origsite=gscholar&cbl=18750>
- Osam, E. K., Bergman, M., & Cumberland, D. M. (2017). An integrative literature review on the barriers impacting adult learners' return to college. *Adult Learning*, 28(2), 54–60. <https://doi.org/10.1177/1045159516658013>
- Pratt, I. S., Harwood, H. B., Cavazos, J. T., & Ditzfeld, C. P. (2019). Should I stay or should I go? Retention in first-generation college students. *Journal of College Student Retention: Research, Theory & Practice*, 21(1), 105–118. <https://doi.org/10.1177/152102511769>
- Putra, P., Liriwati, F. Y., Tahrim, T., Syafrudin, S., Suhono, S., & Aslan, A. (2020). The students' learning from home experiences during COVID-19 school closures policy in Indonesia. *Iqra' Journal: Journal of Education*, 5(2), 30–42. <https://doi.org/10.25217/ji.v5i2.1019>
- Quadi, R. F., & Abiodun, O. S. (2017). Availability and use of reference resources and services to federal polytechnic Offa students, Kwara State. *SCIREA Journal of Information Science and Systems Science*, 8(1), 10–28. <http://article.scienceassociation.com/pdf/12009.pdf>
- Renwick, D. (2019, August 8). How many participants do I need for qualitative research? Optimal Workshop. <https://blog.optimalworkshop.com/how-many-participants-do-i-need-for-qualitative-research/>
- Roming, S. M. P., & Howard, K. A. S. (2019). Coping with stress in college: An examination of spirituality, social support, and quality of life. *Mental Health, Religion & Culture*, 22(8), 832–843. <https://doi.org/10.1080/13674676.2019.1674794>
- Russell, J., Lewis, D. W., & Boyd, D. (2020, April 21). Equity and access during the pandemic: Barriers to online learning. Center on Budget and Policy Priorities. <https://www.brookings.edu/events/how-can-we-support-local-learning-priorities-in-the-post-covid-19-era/>
- Saracho, O. N., & Evans, R. W. (2021). Early childhood education pioneers and their curriculum programs. *Early Child Development and Care*, 191(7–8), 1144–1151. <https://doi.org/10.1080/03004430.2021.1917268>
- Singh, J., Steele, K., & Singh, L. (2021). Combining the best of online and face-to-face learning: Hybrid and blended learning approach for COVID-19, post-vaccine, and post-pandemic world. *Journal of Educational Technology Systems*, 50(2), 140–171. <https://doi.org/10.1177/00472395211047865>

Shim, T. E., & Lee, S. Y. (2020). College students' experience of emergency remote teaching due to COVID-19. *Children and Youth Services Review*, 119, 105578. <https://doi.org/10.1016/j.childyouth.2020.105578>

Shim, S. W., & Pelaez, N. (2022). Getting by with a little help from friends: A qualitative case study of students' strategies for coping with failure in an undergraduate biology laboratory course. *CBE—Life Sciences Education*, 21(2), ar17. <https://doi.org/10.1187/cbe.20-07-0155>

Simpson, S. (2018). Stress triggers, the effects stress has on social, mental and physical behavior in college students, and the coping mechanisms used [Undergraduate thesis, Murray State University]. Murray State's Digital Commons. <https://digitalcommons.murraystate.edu/bis437/215/>

Smith, D. W. (2013). Phenomenology. *Stanford Encyclopedia of Philosophy*. <https://plato.stanford.edu/entries/phenomenology/>

So, C., & Fiori, K. (2022). Attachment anxiety and loneliness during the first year of college: Self-esteem and social support as mediators. *Personality and Individual Differences*, 187, 111405. <https://doi.org/10.1016/j.paid.2021.111405>

Spence, C. J. (2014). The role of intrinsic and extrinsic motivation focusing on self-determination theory in relation to summer bridge community college students [Doctoral dissertation, California State University]. *Electronic Theses, Projects, and Dissertations*. <https://scholarworks.lib.csusb.edu/etd/72/>

Students lack interest or motivation. (2023). Eberly Center – Carnegie Mellon University. <https://www.cmu.edu/teaching/solveproblem/strat-lackmotivation/index.html>

Tuguic, L. A., & Bilan, H. P. (2023). College education students' learning experiences on the advent of online distance education in the Philippines: A phenomenological study. *The Qualitative Report*, 28(7), 1869–1879. <https://nsuworks.nova.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=5644&context=tqr>

Watanabe-Ito, M., Kishi, E., & Shimizu, Y. (2020). Promoting healthy eating habits for college students through creating dietary diaries via a smartphone app and social media interaction: Online survey study. *JMIR mHealth and uHealth*, 8(3), e17613. <https://doi.org/10.2196/17613>

Why do students lose interest in school? (2023, October 7). Cambridge Home School Online. <https://www.chsonline.org.uk/blog/why-do-students-lose-interest-in-school>